
3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ang mga Natatanging Simbolo at Sagisag ng Ating Lalawigan



CO_Q2_AP 3_ Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ang mga Natatanging Simbolo at Sagisag ng Ating Lalawigan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Melanie D. Geyrozaga

**Editors:** Kimberly E. Dueñas, Pamela L. Edisane, Hannie P. Zamora

**Tagasuri:** Arcel W. Gacasan, Jean Christi B. Rivera, Guillesar P. Villarente
Napoleon L. Dawal Jr., Remely Fe M. Ozaraga,

**Tagalapat**: Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores, Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:**
Allan G. Farnazo — Nelson C. Lopez
Mary Jeanne B. Aldeguer — Cheerylyn A. Cometa
Analiza C. Almazan — Christopher P. Felipe
Ma. Cielo D. Estrada — Alicia I. Ayuste
Danilo R. Dohinog — Leonora Liza D. Dacillo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ang mga Natatanging Simbolo at Sagisag ng Ating Lalawigan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Naranasan mo bang maglalakbay sa ibang lalawigan? Ano ang napapansin mo sa larawan na nakadikit sa harapan ng kapitolyo? May mga nakikita ka rin bang mga simbolo sa kanilang bandila o sa mga monumento? Napapansin mo ba ang mga hugis bilog na karaniwang nakikita ang mga katagang, **Sagisag ng Lalawigan** (Official Seal)? Ang tawag dito ay mga opisyal na simbolo at sagisag ng isang lugar o lalawigan. Subukan mong hanapin ang opisyal na Simbolo ng iyong lalawigan na nasa ibaba.




Sa araling ito, inaasahang:

- Natatalakay ang kahulugan ng ilang simbolo at sagisag ng sariling lalawigan at rehiyon – MELC -AP3KLR-IIe.

## Subukin

Panuto: Basahin ang mga sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ipinahiwatig sa luntiang kulay na sagisag?

   A. kalakasan ng lupa
   B. kalinisan ng lupa
   C. kamahalan ng lupa
   D. katabaan ng lupa

2. Saang lalawigan makikita ang simbolong may kulay ginto?

   A. Davao del Norte
   B. Davao de Oro
   C. Davao del Sur
   D. Davao Occidental

3. Sa silyo ng Davao Occidental, saan sumisimbolo ang kanilang daan?

   A. sumisimbolo sa kahirapan
   B. sumisimbolo sa kasamaan
   C. sumisimbolo sa katalinohan
   D. sumisimbolo sa pagiging progrisibo sa lalawigan

4. Ang "tuna" bilang isa sa mga kadalasang makikita natin sa mga sagisag ay nagpapahiwatig sa pagiging mayaman sa yamang dagat ang lalawigan.

   A. Oo, nagpapatunay na mayaman sa isda ang isang lalawigan.
   B. Hindi, dahil mga guhit lamang ang makikita sa mga sagisag.
   C. Oo, nagpapahiwatig na maraming yaman ang isang lalawigan.
   D. Hindi, dahil mahirap manghuli ng "tuna" sa kasalukuyang panahon.

# Aralin 1 — Ang mga Natatanging Simbolo at Sagisag ng Ating Lalawigan

Handa ka na ba sa iyong aralin?

Ano-ano kaya ang simbolo at sagisag ng iyong lalawigan?

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin, nalalaman mo ang *timeline* ay paraan upang lubos na maunawaan ang ugnayan ng mga pangyayari na may kinalaman sa kasaysayan ng iyong lalawigan.

Basahin at unawain ang bawat tanong na nasa ibaba.

a. Paano nabigyang halaga ng mga mamayan sa bawat lalawigan ang kasaysayan at pamumuhay sa kanilang lalawigan?

b. Paano nila napag-uugnay ang mga makasaysayang pangyayari sa kanilang lalawigan at mga lalawigan ng sa rehiyon?

## *Tuklasin*

Panuto: Basahin at unawain ang usapan ng magkaibigan. Itala ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang lalawigan ayon sa kanilang pinag-uusapan.

### Hugis Bilog

*ni Melanie D. Geyrozaga*

Stanly: Alam niyo gusto ko sanang pumunta sa iba't-ibang lalawigan dito sa rehiyon ng Davao.

(*Sina Stanly, Jhuliane, Jay-ar, Jigie at Zian ay nakatira sa malayong lugar ng Barangay Asbang, Bayan ng Matanao.*)

Jhuliane: Oo nga, ako rin Stanly gusto kong maranasan ang maglakbay sa iba't- ibang lalawigan.

Jay-ar: Ano kaya ang makikita natin kapag pumunta tayo sa pinakasentro ng lalawigan?

Jegie: Sabi ng aking tatay, nakapunta na raw siya sa iba't-ibang lalawigan ng Davao at nakita niya ang mga malalaking gusali, monumento at kapitolyo. Napansin niya ang mga hugis bilog ng bawat kapitolyo na nakapaskil sa harap nito.

Stanly: Ano kaya ang ibig sabihin ng hugis bilog sa harapan ng bawat kapitolyo na nakikita ng tatay mo, Jegie?

Jay-ar: Jegie, hindi ba sabi ng tatay mo na sa loob ng hugis bilog makikita raw ang iba't -ibang larawan gaya ng puno, isda, alon, araw, bituin, ginto at daan?

Stanly: Mas mabuti pa na magtanong tayo sa nanay ni Zian, dahil sa kapitolyo ng Davao del Sur ito nagtatrabaho.

Zian: Oo nga, doon nagtatrabaho ang nanay ko sa kapitolyo ng Davao del Sur, mamayang gabi ay tatanungin ko siya.

(*Kinabukasan ang mga magkaibigan ay nagkuwentuhan na naman*.)

Jhuliane: Zian, naitanong mo ba sa nanay mo kung ano ang ibig sabihin ng hugis bilog sa harapan ng kapitolyo?

Zian: Sinagot na ng aking nanay ang ating tanong. Ibig sabihin daw ng hugis bilog na iyon ay simbolo at sagisag (**Official Seal**) ng lalawigan.

Alam mo ba ang ibig sabihin ng mga simbolo at sagisag na makikita mo sa iyong lalawigan? Ito ang iyong pag-aralan sa loob ng modyul na ito.

## *Suriin*

Ngayon talakayin at tukuyin mo ang ilan sa mga natatanging simbolo at sagisag na makikita at naglalarawan sa bawat lalawigan ng rehiyon.




Makikita sa lalawigan ng Davao del Norte ang niyog, saging at luntiang puno na nagpapakilala ng kanilang agrikultura.

Ang mais, isda, niyog, palay, de lata, at bangka ay sumisimbolo sa pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan sa lalawigan.

Ang mga bituin ay sumisimbolo sa 13 na mga munisipyo.

Ang opisyal na selyo ng lalawigan ng Davao de Oro ay may dalawang tonelada at nakakabit na solidong ginto. Ipinakita nito ang pagkakakilanlan ng isang pangunahing lugar kung saan naninirahan ang mga tao sa kasaganaan.




Sumisimbolo ang tulay ng Davao Occidental sa pagkaugnay ng bawat bayan sa kabila ng balakid ng bundok at dagat.  Ang daan ay sumisimbolo sa pagiging progresibo ng lalawigan.

Sa lalawigan ng Davao Oriental, ang kulay asul, puti at pula ang sumisimbolo sa pagiging Pilipino, ang luntian ang nagpapahiwatig ng katabaan ng lupain at azure blue ay Kalayaan.

## Pagyamanin

Upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa, sagutin ang gawain sa ibaba.

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang kinapaloobang lalawigan ng ilan sa mga natatanging simbolo na nasa Hanay A. Isulat ang titik sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | A. Davao Oriental |
| 2.  | B. Davao Occidental |
| 3.  | C. Davao del Sur |
| 4.  | D. Davao del Norte |
| 5.  | E. Davao de Oro |

## *Isaisip*

Sagutin ang mga katanungan para maproseso ang mga natutuhan mo mula sa aralin.

1. Makikita ba sa sagisag ng mga lalawigan ang ilan sa mga natataging simbolo nito?

2. Bakit mahalaga sa isang lalawigan ang pagkakaroon ng opisyal na sagisag?

3. Ano ang kahulugan ng mga simbolo na makikita natin sa bawat sagisag ng mga lalawigan?

4. Ano ang ugnayan ng mga simbolo sa katangian ng mga lalawigan sa rehiyon?

## *Isagawa*

Iguhit sa sagutang papel ang mga simbolo na napapaloob sa iyong lalawigang kinabibilangan.

Pamantayan:

| | | |
|---|---|---|
| Nilalaman | - | 35% |
| Pagkamalikhain | - | 35% |
| Kalinisan | - | 30% |
| Kabuoan | - | 100% |

## *Tayahin*

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa papel.

1. Ano ang sumisimbolo sa lalawigan ng Davao del Sur?

    a. bituin, isda, at dahon
    b. bundok at gusali
    c.  damit at pagkain
    d.  mais, isda, niyog, palay, de lata, at bangka

2. Ano ang sinisimbolo ng tulay sa selyo ng Davao Occidental?

    a. kahirapan
    b. kasaganaan
    c. pagiging progresibo
    d. pagkaugnay ng bawat bayan

3. Ano ang ipinahiwatig sa pagkakaroon ng simbolo ng luntiang puno sa sagisag ng Davao del Norte?

    a. pagkakaroon ng magandang kapaligirang pisikal
    b.  pagkakaroon ng malawakang na lupain
    c. paglalahad ng masaganang agrikultura
    d. pagpapakita ng pasyalan

4. Anong taon ang nakasulat sa simbolo ng lalawigan ng Davao de Oro?

    a. 1998
    b.1999
    c. 2000
    d. 2001

5. Ano ang sumisimbolo ng kulay asul, puti, at pula ng lalawigan ng Davao Oriental?

a. masagana ang rehiyon
b. malawak ang nasasakupan ng rehiyon
c. pagiging Pilipino
d. sagana sa yamang lupa ang rehiyon

## *Karagdagang Gawain*

Mula sa sagisag ng iyong kinabibilangang lalawigan, gumawa ng isang maikling awitin sa isang malinis na papel.



# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Pagyamanin |
|---|---|
| 1. A | 1. D |
| 2. C | 2. C |
| 3. D | 3. E |
| 4. A | 4. B |
| | 5. A |

**Tayahin**

1. D
2. D
3. C
4. A
5. C

# *Sanggunian:*

Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya, Pasig City
Philippines: Book Media Press, Inc. 2015

Araling Panlipunan-Ikatlong BaitangKagamitan ng Mag-aaral Revised Edition 2019
(Unpublished)

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/en/6/65/Ph_seal_Davao_del_Norte.png

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_del_Sur#/media/File:Ph_seal_davao_del_sur.png

https://pag.wikipedia.org/wiki/Davao_de_Oro#/media/File:Davao_de_Oro_Official\Seal.png

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_Occidental#/media/File:Ph_seal_DavaoOccidental.svg

https://en.wikipedia.org/wiki/Davao_Oriental#/media/File:Ph_seal_davao_oriental.png

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph